THIRTEENTH CONGRESS OF THE REPUBLIC )
OF THE PHILIPPINES )
First Regular Session )

SENATE

Resolusyon Blg. 114

*Iminungkahi ni Senador Ramon Bong Revilla Jr.*

**RESOLUSYON**
**NA NAGMUMUNGKAHI NG DAMDAMIN NG SENADO NG PILIPINAS PATUNGKOL SA PAGSUPORTA SA "YES FOR PEACE – BAYANIHAN PARA SA KAPAYAPAAN" PROGRAMA PARA SA PANGMATAGALANG KAPAYAPAAN DITO SA ATING BANSA**

SAPAGKA'T, idineklara ng United Nations General Assembly ang panahong 2001 hanggang 2010 bilang, "International Decade for a Culture of Peace and Nonviolence for the Children of the World" o Pandaigdigang Dekada para sa Mapayapa at Hindi-Marahas na Kultura para sa mga Bata sa Mundo";

SAPAGKA'T, karapatan ng bawat Pilipino – lalung-lalo na ng mga bata – na mamuhay sa isang mapayapa at hindi marahas na lipunan;

SAPAGKA'T, sinusuportahan ng lahat ng mga nagtutungaling puwersa sa mga panloob na mga giyera dito sa Pilipinas ang nasabing deklarasyon ng United Nations General Assembly sa ngalan ng Sambayanang Pilipino;

SAPAGKA'T, kinikilala ng pamahalaan na kailangang salaminin ng mga saloobin, mga pananaw at mga prinsipyong importante sa mga Sambayanang Pilipino. Kung Kaya't hindi ito maisusulong ng pamahalan lamang o ng ibat-ibang puwersang sangkot sa mga panloob na mga giyera dito sa Pilipinas kundi ng lahat ng mga Pilipino bilang isang bayan na nagkakaisa;

SAPAGKA'T, sa kabila nito, hindi pa nabibigyan ng pagkakataon ang Sambayanang Pilipino na ipahayag ang kanilang tahasang pagtutol sa paggamit ng dahas upang isulong, ipaglaban o ipagtanggol ang kanilang mga karapatan;

SAPAGKA'T, ang "**YES for PEACE – Bayanihan para sa Kapayapaan**" ay isang demokratikong pamamaraan upang maipahayag ang malawakang suporta ng mga mamamayang Pilipino sa "Pandaigdigang Dekada para sa Mapayapa at Hindi-Marahas na Kultura para sa mga Bata sa Mundo" ng United Nations General Assembly at sa komprehensibong prosesong pangkapayapaan ng Pilipinas;

SAPAGKA'T, pumasok sa isang kasunduan (Memorandum of Undertaking ) para sa pagsasakatuparan ng **YES for PEACE – Bayanihan para sa Kapayapaan** ang Department of Education, Office of the Press Secretary – Philippine Information Agency, National Printing Office, Girl Scouts of the Philippines, Boy Scouts of the Philippines, at ang Alpha Phi Omega International Philippines, Incorporated bilang organisador nito;

SAPAGKA'T nararapat lang na mabigyan ng pagkakataong makilahok sa usaping pangkapayapaan ang higit na nakararaming mga Pilipino sa **YES for PEACE – Bayanihan para sa Kapayapaan** bilang unang hakbang ng kanilang pakikibahagi at pagpapalawak ng kamulatan sa usaping pangkapayapaan tungo sa isang malawakang kasunduan ukol sa pambansang kapayapaan at pagkakaisa; Kung kaya't

IPINASYA NG SENADO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS na walang pasubaling suportahan ang **YES for PEACE – Bayanihan para sa Kapayapaan** at manawagan sa lahat ng sektor ng lipunan, kabilang na ang ibat-ibang institusyon ng pamahalan at pamahalang lokal – panlalawigan, panglungsod, pangbayan at pangbarangay – na suportahan ang kampanyang ito nang ayon sa kani-kanilang mga tungkulin at kakayanan upang mabigyan ng pagkakataon ang pinakamalawak na hanay ng Sambayanang Pilipino na Makipag-Bayanihan para sa kapayapaan.

Pinagtibay.

**RAMON BONG REVILLA JR.**
Senador